



PAANO MAKIBAHAGI

Ang susi sa isang matagumpay na pamahalaan ay isang maalab, nakikibahaging publiko. Nais natin na ang bawat residente ng Long Beach ay magkaroon ng kaalaman at kasangkapan upang makibahagi. Narito ang ilang mga paraan upang makapagsimula...



1

DUMALO SA PAMPUBLIKONG PULONG:

Mayroong iilang mga uri ng pampublikong pulong:

PULONG NG KONSEHO NG LUNGSOD - Ang mga regular na pulong ng Konseho ng Lungsod ay ginaganap sa Pulungan ng Munisipyo 5:00 ng hapon sa Martes ng bawat linggo, maliban sa huling Martes ng buwan. Ang lahat ng mga pulong ay bukas sa publiko. Maaaring mapabilang sa mga aytem sa Adyenda ng Konseho ang mga bagay katulad ng mga pampublikong pandinig, mga komunikasyon mula sa mga inihalal na katungkulan, mga ulat ng mga tauhan at mga iminungkahing ordinansa at resolusyon. Ang mga pulong ay pinapanguluhan ng Alkalde at ang mga aytem sa agenda ay binobotohan ng siyam na inihalal na mga miyembro ng konseho.

PULONG NG TUMATAYONG KOMITE - Ang lahat ng mga tumatayong komite ay itinatag ng resolusyon ng Konseho ng Lungsod. Ang Alkalde ay humihirang sa mga miyembro ng konseho ng lahat ng mga tumatayong komite at nagtatalaga kung sinong miyembro ng bawat komite ang magsilbing Tagapangulo at Pangalawang Tagapangulo. Ang mga pulong ng tumatayong komite ay ginaganap sa kahilingan ng Tagapangulo ng Komite. Ang lahat ng mga pulong ng komite ay bukas sa publiko, maliban sa mga pagkakataon kung saan ang saradong sesyon ay maaaring maganap sa wastong paraan sa ilalim ng Brown act o iba pang angkop na batas. Ang mga aytem ng talakayin ay inilalagay sa adyenda sa pamamahala ng Tagapangulo, Pangalawang Tagapangulo, o miyembro ng komite.

PULONG NG KOMISYON/LUPON - Ang mga Komisyon ay may iba't ibang apat na pagmumulan: ang Saligang-Batas ng Lungsod, aksyon ng Konseho ng Lungsod, boto ng mga tao, at sa pamamagitan ng utos ng estado.

PAANO MAKILAHOK SA ISANG PAMPUBLIKONG PULONG:

PAGREPASO NG ADYENDA

Kung kayo ay dadalo nang personal, siguraduhing sa simula pa ay nairepaso na ang adyenda.



MGA AYTEM SA ADYENDA

Hintaying makapagsalita hanggang sa ang isyu ay mamungkahi at kayo ay matawag.



PAMPUBLIKONG KOMENTO

Oportunidad upang maipahatid sa Konseho ng Lungsod ang mga bagay na pampublikong talakayin na HINDI nakalista sa adyenda. Punan ang kard ng ispiker 15 minuto bago ang pulong. Ang mga kard ng ispiker ay limitado sa unang 10 taong nagsumite ng kanilang mga pangalan sa pamamagitan ng pagsulat sa Klerk ng Lungsod. Ang lahat ng iba pa ay maaaring maghintay hanggang sa katapusan ng pulong upang magsalita.



HINDI MAKAKADALO?

Punan ang “e-Comment”:
Ang eComment ay makukuha sa pamamagitan ng website ng Lungsod ng Long Beach at direktang makakatugon sa aytem ng adyenda ng konseho ng Lungsod o maaaring maging “pampublikong komento.”

BAKIT DADALO SA ISANG PAMPUBLIKONG PULONG?

Mayroong maraming mga dahilan para makadalo sa pampublikong pulong ng Lungsod. Maaaring naisin mo lamang na manatiling bahagi at may kaalaman sa nangyayari sa Lungsod. O, maaaring naisin mong mag-file ng reklamo o magtaguyod ng kapakanan o inisyatibo. Maaari mong magawa ang mga bagay na ito sa pamamagitan ng pagsasalita o pag-aambag sa Konseho.

Ang susi sa isang matagumpay na pamahalaan ay isang maalab, nakikibahaging publiko. Nais natin na ang bawat residente ng Long Beach ay magkaroon ng kaalaman at kasangkapan upang makibahagi. Narito ang ilang mga paraan upang makibahagi.



2

MANATILING MAY KAALAMAN

Paano manatiling may kaalaman at nakasunod-sa-bagong-kaalaman sa Lungsod ng Long Beach:

- o Dumayo sa mga Pulong ng Konseho ng Lungsod
- o Magpatala sa LinkLB - ang LinkLB ay ang inyong koneksyon sa Long Beach, magagawa ninyong direktang maipadala sa inyo habang ito ay ipinapalathahala ng Lungsod.
- o Panoorin ang LBTV Live o i-stream on line ang mga pulong ng konseho.

3

MAGING MIYEMBRO

ng lokal na lupon o komisyon.

Mag-aplay on line sa website ng Lungsod ng Long Beach upang maging miyembro ng lokal na komisyon.

WWW.LONGBEACH.GOV/CITYCLERK

MGA KARAGDAGANG PARAAN PARA MAKIBAHAGI SA PAMBATASANG PROSESO NG LUNGSOD:

Kabilang sa mga ibang paraan upang ang mga mamamayan ay makibahagi sa lokal na pamahalaan ay ang pakikipag-ugnay sa miyembro ng konseho, paglahok sa mga organisasyong nakabase sa kapitbahayan, pagpetisyon, at pagsulat ng liham.